**SIPI SA KATITIKAN NG IKA - 84 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG KALAYAAN, LAGUNA 2022-2025 NA GINANAP SA SB BULWAGANG PULUNGAN NG KALAYAAN, LAGUNA NOONG IKA - 26 NG PEBRERO, 2023.**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. CHRISTOPHER P. RAMIRO | - | PANGALAWANG PUNONG BAYAN/TAGAPANGUNA |
| Kgg. Darwin R. Ponce | - | Konsehal |
| Kgg. Beverly D. Reyes | - | Konsehal |
| Kgg. Aldrin A. Agana | - | Konsehal |
| Kgg. Veelly Jhames L. Cabamalan | - | Konsehal |
| Kgg. Russel A. Laganas | - | Konsehal |
| Kgg. Marlon F. Laganas | - | Konsehal |
| Kgg. Laarni C. Lopez | - | Konsehal |
| Kgg. Edison A. Flores | - | Konsehal |
| Kgg. Giana Maria R. Cagandahan | - | *Ex-Officio*/LnB Pangulo |
| Kgg. Ryan Paul S. Agana | - | *Ex-Officio*/SKP Pangulo |

**HINDI DUMALO:**

W A L A

**KAUTUSANG BAYAN BLG. 99, Taong 2024**

**KAUTUSANG BAYAN NA NAGBABAWAL SA PAGSUSUGAL AT IBA PANG ILIGAL NA LARO O *GAMING* SA BAYAN NG KALAYAAN, LAGUNA AT PAGPAPATAW NG MGA KAPARUSAHAN SA HINDI PAGSUNOD DITO.**

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **Kgg. Kon. Darwin R. Ponce**, pinangalawahan nina **Kgg. Kon. Veelly Jhames L. Cabamalan** at **Kgg. Kon. Laarni C. Lopez** ay nagpatibay ng isang kautusan, gaya ng sumusunod:

**SEKSYON 1. TITULO.**

Ang kautusang ito ay kikilalanin bilang ***"ANTI-GAMBLING AND ILLEGAL GAMING ORDINANCE*** **NG BAYAN NG KALAYAAN, LAGUNA"**.

**SEKSYON 2. LAYUNIN.**

Layunin ng kautusang bayan na ito na ipagbawal ang pagsusugal at lahat ng iligal na laro sa paglaganap sa Bayan ng Kalayaan dahil ang mga gawaing ito ay sumasalungat sa mabuting kapakanan o moral ng mga tao sa komunidad at lubhang nakakaimpluwensiya sa indibidwal upang hindi pahalagahan ang kahalagahan ng marangal na paghahanapbuhay, pagtitiyaga at diwa ng pagtitipid.

**SEKSYON 3. LIGAL NA BASIHAN.**

Ang kautusang ito ay kasang-ayon ng *Presidential Decree No. 1602, "Prescribing Stiffer Penalties on Illegal Gambling"; Executive Order No. 13 , "Strengthening the fight against Illegal Gambling and Clarifying the Jurisdiction and Authority of Concerned Agencies and Licensing of Gambling and Online Gaming Facilities and other Purposes"; Republic Act No.*



Scanned with CamScanner

9287, *"An Act Increasing the Penalties of Illegal Number Games, Amending Certain Provisions of Presidential Decree No. 1602, and for other Purposes"*; at lahat ng may kinalaman sa mga panuntunan at regulasyon kaugnay sa *illegal gambling* at *illegal gaming* na nakapaloob sa iba pang *Memorandum Order* ng kinauukulang ahensiya ng pamahalaang nasyunal.

**SEKSYON 4. KAHULUGAN NG MGA SALITA**

*Card Games* - mga larong gamit ang *playing cards* o baraha tulad ng, ngunit hindi limitado sa *black jack, lucky nine*, pusoy, pusoy dos o *Russian Poker*, tong-its, monte, *baccarat* at mga kahalintulad.

Jueteng - isang laro kung saan ginagamitan ito ng mga numero mula uno (1) hanggang trenta'y otso (38).

*Bookies* - isang paraan ng pagtaya kung saan ang bawat kubrador ay hindi nag-ientrega ng mga awtorisadong tayaan ng pamahalaan.

*Cara y Cruz* - isang uri ng laro ng pustahan kung saan ang mga manlalaro ay nagtatakipan ng mga pusta sa resulta ng isang barya na itinatapon pataas at sa pagbagsak ay tinatayaan kung ang nasa ibabaw ay cara (*head*) o cruz (*tail*).

*Pinball* - isang uri ng laro ng sugal na nagpapakita ng pagkakasangkot ng mga elemento sa *pinball machine* at elemento ng pustahan.

Mah-jong - Isang sugal na ang manlalaro ay naglalaro gamit ang mga *tiles* na may iba't ibang simbolo at numero.

*High and Low* (Mataas o Mababang Taya) - isang uri ng sugal kung saan ang mga manlalaro ay nagtutuunan ng pansin sa posibleng resulta ng isang pangyayari o pagtugma sa pagitan ng dalawang dulo o antas ng isang bagay, tulad ng isang numero, puntos o iba pang kaganapan.

*Slot machine* (makinang pingga) - isang uri ng sugal kung saan ang mga manlalaro ay naglalaro sa pamamagitan ng pagpasok ng pera at pag-ikot ng mga pindutan para sa paghinto ng mga simbolo sa isang display.

*Point shaving* (pagbabawas ng puntos) - isang uri ng pagmamanipula sa laro lalo na sa larangan ng isports, kung saan ang isang manlalaro o isang koponan ay nagpapabaya o nagpapadaya ng laro sa paraan na hindi gaanong kritikal upang pumabor sa kalaban sa layuning mapapanalo ang kalaban sa sarili niyang koponan. Sa salitang kalye, kilala ito bilang "pagbebenta ng laro".

**SEKSYON 5. PANGKALAHATANG PAGBABAWAL SA PAGSUSUGAL.**

Isang paglabag sa batas sa sinomang tao na lumahok ng tuwiran o hindi man tuwiran sa anumang *game scheme* o gawain na sangkot ang pagtataya ng pera o anumang bagay na may halaga bilang taya o *bet* kung saan ang panalo ay nakadepende sa suwerte o *luck, skill* o kasanayan o parehong *luck* o *skill*.

**SEKSYON 6. MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN.**

Ang mga sumusunod na sugal o *illegal gaming* ay ipinagbabawal:

a. *Card games*
b. Jueteng
c. *Bookies* sa Jai-alai o karera ng kabayo na karaniwang may *game fixing* at iba pang karera
d. Iba pang *lotteries*
e. Cara y Cruz or Pompiang
f. *Pinball* at mga kahalintulad
g. Mah-jong
h. *High and low*
i. *Slot machines* at iba pang *mechanical games inventions and devices*
j. *Point shaving and other machinations*
k. *Banking on percentage game* at mga kahalintulad
l. At anumang *game of chance* o *skill* na walang permiso mula sa pamahalaan



Scanned with CamScanner

**SEKSYON 7. EKSEMPSYON.**

Alinsunod sa mga umiiral na batas, ang pagsusugal ay pinahihintulutan kung ang mga ito ay may prangkisa mula sa pamahalaang nasyunal, awtorisadong permit o lisensya mula sa ahensiya ng gobyerno na binigyang kapangyarihan ng batas.

**SEKSYON 8. KAPARUSAHAN.**

Sinumang tao na mahuling lumalabag sa probisyon ng kautusang ito sa nasasakupan ng Bayan ng Kalayaan ay papatawan ng multa gaya ng sumusunod:

Unang Paglabag ------------------------------ P1,000 o 5 araw na *community service;*

Ikalawa at patuloy na paglabag ------------ P1,500.00 o 10 araw na *community service;*

Ang pagsisilbi ng kaukulang *community service* ay isasagawa sa barangay kung saan isinagawa ang paglabag o sa ilalim ng superbisyon ng kapulisan.

Multang P2,500.00 ang ipapataw kung ang lalabag sa alinmang probisyon ng kautusang ito ay kawani o opisyal ng pamahalaan. Ang pinakamataas na multang ito sa mga taong naglilingkod sa gobyerno ay walang pagkiling sa pagsasampa ng angkop na kasong administratibo.

Kung ang lalabag ay isang *business establishment*, ang may ari nito ay papatawan ng *maximum penalty* o P2,500.

Ang kasapi ng kapulisan ang mag-iisyu ng Citation Ticket sa lalabag.

**SEKSYON 9. PAGBABAYAD.**

Ang multa ay babayaran sa Tanggapan ng Pambayang Ingat Yaman batay sa *citation ticket* na inisyu ng kapulisan.

**SEKSYON 10. PAGPAPAWALANG BISANG SUGNAY.**

Anumang ordinansa at resolusyon na salungat, taliwas at hindi umaayon sa mga probisyon ng kautusang bayang ito ay pinapawalang bisa.

**SEKSYON 11. PAGHIHIWALAY NG SUGNAY.**

Sa anumang dahilan, alinmang bahagi ng probisyon ng kautusang bayang ito ay taliwas sa mga umiiral na batas at panuntunan o walang bisa, ang mga bahagi na hindi apektado ay magpapatuloy na ipapatupad ng buo at may bisa.

**SEKSYON 12. PAGKAKABISANG SUGNAY.**

Ang kautusang bayang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay at maipaskel o mailathala sa mga hayag na lugar sa nalolooban ng sampung (10) araw.

**SEKSYON 13. PINAGTIBAY: PEBRERO 26, 2024.**

| | |
|---|---|
| **DARWIN R. PONCE**<br>SB Konsehal | **BEVERLY D. REYES**<br>SB Konsehal |
| **ALDRIN A. AGANA**<br>SB Konsehal | **VEELLY JHAMES L. CABAMALAN**<br>SB Konsehal |



Scanned with CamScanner

RUSSEL A. LAGANAS
SB Konsehal

MARLON F. LAGANAS
SB Konsehal

LAARNI C. LOPEZ
SB Konsehal

EDISON A. FLORES
SB Konsehal

GIANA MARIA R. CAGANDAHAN
LnB Pangulo

RYAN PAUL S. AGANA
SKP Pangulo

Pinatotohanan:

CHRISTOPHER P. RAMIRO
SB Tagapanguna/Pang. Punong-Bayan
(Petsa: Feb. 29, 2024)

Pinagtibay:

SANDY P. LAGANAPAN
Punong Bayan
(Petsa: March 1, 2024)

PINATUTUNAYAN KO na ang kautusang nasa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Kalayaan, Laguna sa kanilang Pangkaraniwang Pulong sa petsang nabanggit sa Seksyon 13 ng kautusang ito.

RENETH S. MARTINEZ
SB Kalihim

File Folio. 2024. Ordinance. General – KB 99 T2024.



Scanned with CamScanner